

Gifu International Center

Trio-phone* Pag-uusap ng Tatluhan sa Telepono. Ang serbisyo ng pagtawag sa telepono *


Sinimulan na sa Prepektura ng Gifu ang 『Trio-phone (Pag-uusap ng tatluhan sa telepono) 』 (three-way calling) sa wikang tagalog sa dalawang ahensiya na nakatala sa ibaba. Ang serbisyong ito, ang sabayang pag-uusap ng talong partido, dayuhang consulter (sumasangguni), consultant (kasangguni para sa mga dayuhan) o (Tsuuyaku) at ang kawani ng administrasyon, ay inaalok sa mga dayuhan para sa mas mabilis at tumpak na pagsasalin wika at iba pang impormasyon.

< Para sa wikang tagalog >

	Telepono (para sa Trio-phone lamang)	Araw	Oras ng pagtanggap
Kamo Prefecture Office (Minokamo City)	0574-25-1858	Lunes ~ Biyernes	9:00 ~ 16:00
Gifu International Center (Gifu City)	058-263-8066	Lunes ~ Biyernes	9:30 ~ 16:30

Paraan ng paggamit

- Mula sa landline o mobile phone tumawag sa teleponong pang trio-phone na nakasaad sa itaas.
- Pagsumagot ang consultant o kasangguni, sabihin ang pakay at kailangang maghintay lamang.
- Ikokonekta ng consultant o kasangguni ang telepono sa kawani ng administrasyon sa Prepektura, Munisipyo atbp. na mayroong kaugnayan sa konsultasyon.
Pagkatapos ikonekta, maaari ng mag-usap ang tatlong partido.
※Walang bayad ang pagsasalin wika (Tsuuyaku) (Gayunman, ang pagtawag ay hindi toll free)



Kamo Prefecture Office
Gifu Ken International Center